



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG
SANGGUNANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG
MARSO 21, 1996, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG
BAYAN

DUMALO:

Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr.	-	Pang. Punong Bayan Tagapamatnugot
Kgg. George Ricardo R. Gacula II	-	Konsehal
Kgg. Nathaniel C. Aguilar	-	"
Kgg. Alfredo S. de Leon	-	"
Kgg. Ernesto G. Policarpio	-	"
Kgg. Noel Ireneo E. Reyes	-	"
Kgg. Anastacio V. Alcantara	-	"
Kgg. Randy S. San Juan	-	"
Kgg. Andres C. Cruz, Jr.	-	ABC President
Kgg. Janet D. de Leon	-	SK President

DI-DUMALO

Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr.	-	Konsehal
-------------------------------	---	----------

KAUTUSAN BILANG 4

**"KAUTUSANG MAHIGPIT NA NAGREREGULA
SA LAHAT NG MAY-ARI O' SINUMAN TAO NA
NAGMAMANEHO AT MAHUHULING LUMALABAG
SA KAUTUSANG PANGTRAPIKO NG BAYAN NG
TAYTAY."**

Sang-ayon sa bisa ng kapangyarihan na ipinag-kaloob sa mga
Sangguniang Bayan, salig sa Artikulo 447 "Republic Act 7160", na lalong

gm

kilala sa katawagang "Local Government Code of 1991", ang Sangguniang Bayan na nag-pupulong ay nag-uutos, NA:

Seccion 1 - Mahigpit na nag-reregula sa lahat ng may-ari o' sino man tao na nag-mamaneho at mahuhuling lumalabag sa Kautusang pang-trapiko sa Bayan ng Taytay na magbayad o' singilin ng multa gaya ng:

1.A	Obstruction Disregard of traffic signals Open Muffler Color Coding	P 150.00
1.B	Illegal Parking Driving w/ delinquent license Driving w/o license/expired	200.00
1.C	Reckless driving Driving while under the influence of liquor No certificate of registration/ unregistered No franchise Smoke belching	250.00

Seccion 2 - Ang sino man may-ari o' tao na lumabag sa alin man sa itinatadhana ng Kautusang ito ay pag-mumultahin ng halagang hindi bababa at hindi tataas sa Dalawang Libo at Limang Daang (P2,500.00) Piso at pag-kakulong o' pamimireso ng hindi bababa at hindi tataas sa Anim (6) na buwan o' sabay na kaparusahan sang-ayon sa Kapasiyahan ng Hukuman;

Seccion 3 - Alin man Kautusan na hindi na-aayon o' labag sa Kautusang ito ay pina-wawalang bisa o' kabuluhan;

Seccion 4 - Ang Kautusang ito ay mag-kakabisa matapos na mapagtibay;

PINAGTIBAY . ngayong ika-21 ng Marso, 1996, dito sa Session Hall,
Gusaling Pamahalaan , Taytay, Rizal.

ORIGINAL SIGNED

BENJAMIN L. ESGUERRA, JR.
Pang. Punong Bayan /Tagapamatnugot

PINATOTOO:

ORIGINAL SIGNED

ABGD. EDWIN P. CRUZ
Kalihim- Sanggunian Bayan

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

files/army/O4032196